

# Chapter 7

## Pagbabadyet

**G**abay sa marinong Filipino ang Handbook na ito, paano ito napunta sa pagbabadyet?

Lingid sa kaalaman ng marami, napakahalaga nito sa atin. Nakasalalay sa tamang pagbabadyet ang tagumpay at kabiguang pinansyal ng marami sa ating mga marino.

Kaya malaki ang papel na ginagampanan ng ating nanay o asawa sa usaping ito dahil, bilang ating allottee, hawak nila ang malaking bahagi ng ating kita. Pero hindi maaaring ipaubaya na lang sa kanila ang pagbabadyet o paggastos ng ating suweldo.



Kailangang mailinaw ito sa simula't simula pa lang ng ating pagsakay para hindi pagmulan ng anumang di-pagkakaunawaan.

Hindi totoo na kailangang maging accountant para maging mahusay sa pagbabadyet. Ang kailangan lang matukoy ang ating needs. Kaugnay niyan, may mga dapat tayong maunawaang konsepto upang magawa natin ito nang maayos.

### A. Active Income at Passive Income

Isa sa mga dapat nating maunawaan ang tinatawag na active income at passive income. Simple lang ito, ayon kay G. Francisco J. Colayco.

Ayon sa kanya, ang **active income** ay ang ating kita na direkta mula sa ating pagtatrabaho tulad ng suweldo o paggamit ng ating skills, talent at time tulad ng talent fee, commission, consultancy fee at iba pa.

Samakatuwid, ang ating allotment na pinadadala sa ating pamilya o kay misis at ang overtime pay na tinatanggap natin sa barko ay active income.

Kapag wala tayong sakay, wala tayong suweldo, kaya wala rin tayong active income.

May 2 klase ang active income: primary income at additional income. Primary income kapag ito ay regular at pangunahing inaasahang kita para tustusan ang ating pangangailangan tulad ng suweldo at professional fee.

Ang additional naman ay active income na galing sa "sideline". Mga irregular na kita na dagdag sa primary income na karaniwang mula sa part time job o pagbebenta ng asset.

Ang active income ang inaasahan nating tutustos sa ating pangangailangan o needs at ito rin ang una nating pagkukunan sa ating paglalakbay patungo sa ating financial independence.

Ano naman ang **passive income**? Ito ang ating kita na hindi galing sa ating pagsisikap o trabaho. Kita ito na galing sa ating investment o kaya sa ating naimpok o savings o iba pa nating ari-arian.

Ito ang tunay na yaman. Ang passive income o ang paglago nito, sa dakong huli, ang magbibigay sa atin ng financial independence.

Dito rin dapat manggaling ang pantustos natin sa ating gustong bilhin o wants.

Ang kawalan natin ng appreciation sa active at passive income ang isa sa mga dahilan ng ating kabiguang pinansyal.

## B. Needs vs. Wants

Isa pang mahalagang maunawaan sa usapin ng pagbabadyet ang mga **needs at wants**? Malinaw na ang needs ay pangangailangan at ang wants ay kagustuhan.

Ang problema sa atin ay ang pagkilala sa needs at wants kasi may mga bagay na parehong need at want tulad ng pagkain.



Halimbawa, kung bibili tayo ng gulay at iba pang masusustansyang pagkain na kailangan ng ating katawan upang maging malusog, ito ay paggastos sa ating needs.

Subali't kung mas gusto nating bumili ng sirsirya o junk food, o hamburger sandwich at iba pang unhealthy food dahil masarap ang mga ito, paggastos ito sa ating wants.

Mahaba ang listahan ng iba pang wants na akala natin ay needs. Karaniwang hindi natin alam ang pagkakaiba ng dalawa; at mas madalas, kung ano ang gusto natin iyon ang inuuna nating gastusan at galing pa sa ating suweldo o active income.

Mayroon din namang pagkakataon na kung anong kailangan natin ay iyon din ang ating gusto pero mas madalas, mas mahal at magastos ang gusto kaysa kailangan natin.

Ilang halimbawa rito ang pagbili ng Ipad tablet gayong gumagana pa naman ang ating laptop; o pagbili ng mamahaling Iphone gayong puwede pa naman ang cellphone nating Nokia.

O sa pagbili ng sasakyan, Mitsubishi Pajero o Toyota Prado ba? Gayong mayroon namang Montero o Fortuner o Adventure/ Fuzion o Innova na di hamak na mas mura pero reliable din. Siyempre, wants na maituturing ang Pajero at Prado gayong may mas praktikal, mura at matibay din, na modelo na makakatugon naman sa pangangailangan natin ng sasakyan.

Isang basic rule na dapat nating tandaan at sikaping isabuhay: ang active income ay para sa needs at ang passive income ay para sa wants. Huwag nating gamitin ang ating active income para gastusan ang ating wants.

Dagdag pa, inaasahang sa malaking bahagi ng unang 10 taon natin sa pagbabarko, active income lang ang ating aasahang kita.

### C. Pagtulong sa kamag-anak

Karaniwan na sa ating mga marino, inaasahan tayong tumulong o magbigay ng sustento sa ating pamilya kapag nakasakay na tayo. Karaniwang ding may regular na share tayo sa badyet sa bahay.

*“we should learn to say no, sometimes.”*

Kadalasan pa nga, may nakatoka na tayong papag-aralin na kapatid, puwede nating sagot ang baon o tuition, o pareho.

Malinaw na mga gastos ito; pero ano ba ito, needs o wants? Puwedeng parehong needs at wants. Pero dahil galing ito sa ating suweldo, dapat na ilimit lamang natin sa needs ang ating tutustusan.

Halimbawa, kung sagot natin ang pang-tuition ng ating mga kapatid tiyaking sa tuition fee mapupunta ang ibibigay nating pera. Kung sagot natin ang baon, dapat sapat-sapat lang upang hindi magamit ito sa bisyo o sa pang-gimik na karaniwang ginagawa ng mga kabataan ngayon.

Kahit sa pagpili ng paaralang papasukan, kung ikaw ang magpapa-aral sa kapatid mo, maaaring ikaw ang pumili kung saan siya papag-aralin, pwedeng state college or university para mas mababa ang tuition o kaya malapit sa bahay para di na mamasaha at marami pang konsiderasyon.

Magiging wants ito kung may mapapasukan namang dekalidad na kolehiyo at mas mura ang tuition pero sa Ateneo o La Salle ito papasok.

Tandaan na tama lang tumulong sa ating kapamilya at kamag-anak pero dapat may hangganan o limitasyon.

Sabi nga sa Ingles, "we should learn to say no, sometimes."

#### **D. Training and Education**

Isang malinaw na need na dapat gastusan at kailangang nasa badyet ang ating training at tuluy-tuloy na edukasyon.

Masuwerte kung napunta tayo sa opisinang nagbibigay ng subsidy sa training ng kanilang marino. Dumarami na ang mga kumpanya na nagbibigay ng financial support sa training ng kanilang marino kahit mga mandatory courses o kailangan sa kanilang lisensya, pagkuha ng COC o COP.

Gayunman, mayroon pa ring ipinababahala sa atin ang mga mandatory courses at ang mga company required training lang ang sagot nila.

Kapag nagkagayon, kailangan natin maglaan ng badyet para sa pagkuha ng mga kailangan nating training.

## E. Savings o Pag-iimpok

Inaasahan na sa mga unang sakay natin ng barko ay halos walang matitira sa ating suweldo. Marami ang nagbabayad pa ng utang sa mga ginastos natin sa training.

Pero sa unang 10 taon natin sa pagbabarko at tuluy-tuloy ang sakay natin hanggang sa maging MLO tayo, isang malaking kasalanan kung wala tayong naimpok o savings.



Dapat na magsimula na tayong magtabi ng ilang porsyento ng mula sa ating suweldo matapos ang ilan nating sakay. Sinasabi ng mga financial experts na mainam na mag-save hanggang 20 % sa ating suweldo, pero paano natin ito gagawin kung halos walang natitira sa ating suweldo.

Nangyayari ito dahil mali ang sinusunod nating pormula:

**income (kita) - expense (gastos) = savings**

Ito ang tradisyunal na pag-iimpok. Ang dapat na pormula ay:

**kita - savings = gastos.**

Actually, sinasabi ng mga financial experts na ang savings ay gastos o expense din; gastos ito para sa sarili natin. Bale, bayad natin ito para sa ating sarili na gagamitin natin kapag hindi na tayo nagtatrabaho.

Marami ang paraan ng pag-iimpok, kabilang na ryan ang paglalagak sa bangko, o pagbili ng insurance at pension plans. Magkakaroon pa ng dagdag na talakayan sa Part II.

Ang mahalaga masimulan na ang pag-iimpok sa lalong madaling panahon.

## F. Kumurot 'Kurot' Principle

Ano yung Kurot Principle? Ay, ang ganda nitong Kurot Principle na ito. To better understand this, I will tell you a story of a person na balak bumili ng cellphone worth P1,000. Nagkataong mayroon siyang P100,000 na savings. Puwede ba siyang bumili ng cellphone? Puwede, kasi yung P1,000, KUROT lang 'yon sa kanyang savings.

May pangalawang taong balak bumili ng cellphone. Ang bibilhin niya ay worth P1,000 din. Mayroon siyang savings sa bangko na P1,000. Bumili siya ng cellphone. Anong tawag dun? DAKOT na 'yun! Dinakot lahat ang pera niya!

May pangatlong tao, balak bumili ng cellphone, pero walang savings. P1,000 lang naman 'yung bibilhin niya. Bumili siya. Anong tawag 'dun? UTANG na 'yun!

Ang tanong: ano'ng prinsipyo ang ginagamit mo sa buhay mo? KUROT, DAKOT, o UTANG? Magtataka pa ba tayo kung bakit tayo naghihirap o baon sa utang? Ang gagaling nating dumakot! Ang gagaling nating umutang! Gusto mong yumaman? Starting today, matutong kumurot. Kapag may bibilhin, dapat kinukurot lang!

Kapag ginawa mo ito, pangako, yayaman ka. Pag-aralan nating muli ang mga pinakamayayaman sa Pilipinas, ang Chinoy. Again, bakit sila mayayaman? Ang gagaling nilang... kumurot! Tayo ang gagaling nating... dumakot!

The Bible says in 1 Thessalonians 4:11, "Make it your ambition to lead a quiet life. You should mind your own business and work with your hands."